ISSN:2546-0536

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

MAIL PERMIT NO. 2c-17-05-522
OFFICE OF ENTRY: BACOOR CITY, CAVITE
ENTERED AS 1ST CLASS

Taon 4 Blg.6 | Hunyo 17-23, 2019 | P10.00



p.9

**RIA ATAYDE: HINAY-HINAY LANG**

# WAGAYWAY FESTIVAL 2019: MASAYA, MAKULAY, MAKASAYSAYAN




pahina 6-7

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0929-8127638

# NOVELETA STUDENTS TO RECEIVE ALLOWANCE FROM LGU

**NOVELETA, Cavite -- Cash allowances await deserving elementary, high school, senior high school, and college students in this locality, town mayor Dino Reyes Chua said on Tuesday.**

Chua said the local government has allocated funds for students whose scholastic performance meets the criteria.

Covered under the special allowance program are students from elementary to college within the territorial area of Noveleta and those listed in the Department of Education.

Under the implementing rules and regulations, qualified students will receive their allowances for the semester during distribution day in August.

"The objective of giving allowance is to help the parents on the financial aspect, and the students to study harder," Chua said.

"The allowance ranges from PHP1,000 to PHP2,000 up to PHP5,000 depending on the course and Grades of the students," he added. **(PNA)**

# SSS, tinanggal ang P9.5B multa sa ilalim ng LRP; mga miyembro pinaalalahanan na tiyaking makapagbayad sa tamang oras

Tinanggal ng Social Security System (SSS) ang halos P9.5 bilyong multa sa mga short-term loans ng mahigit na 658,000 miyembro nito sa ilalim ng ikalawang Loan Restructuring Program (LRP), at hinimok ang mga miyembro na nag-aplay sa programa na magbayad ng kanilang restructured loan sa itinakdang oras.

Sinabi ni SSS President at Chief Executive Officer Aurora C. Ignacio na ang programa, na tumatakbo mula Abril 2018 hanggang Abril 2019, ay muling nag-restructure ng P10.9 bilyon na halaga ng pautang at nagtala ng P4.4 bilyon na halaga ng kita.

"Ang mga miyembro na nabayaran na ng buo ang kanilang kabuuang utang sa pamamagitan ng LRP ay maaaring ng makapangutang muli pagkalipas ng anim na buwan mula sa araw ng kanilang pagbabayad. Wala na silang pangamba na maaaring mabawasan ang benepisyong kanilang makukuha sa darating na panahon tulad ng kanilang retirement pension. Hinihikayat namin ang mga kasalukuyang nagbabayad ng kanilang restructured loans na siguraduhing makapagbabayad ng kanilang utang sa tamang oras upang muli rin nilang maibalik ang kanilang magandang estado sa ahensya," sabi ni Ignacio.

Unang ipinatupad ng SSS ang LRP noong Abril 28, 2016 hanggang Abril 27, 2017 upang matulungan ang mga miyembrong naapektuhan ng kalamidad na nahihirapan na makapagbayad ng kanilang utang gaya ng salary, emergency, educational (old), Study-Now-Pay-Later Plan, Voc-Tech, at Investment Incentive.

Sa unang implementasyon nito, nakapag-restructure ang SSS ng P13.8 bilyon na halaga ng utang at nakapagtanggal ng P13.5 bilyon na halaga ng multa na napakinabangan ng mahigit sa 856,000 miyembro ng ahensya. Kumita rin ang ahensya ng P5.8 bilyon mula rito.

Habang ang unang LRP ay nakapagtala ng magandang resulta, marami pa ring mga miyembro ang hindi nakapag-apply sa programa at humiling ng panibagong LRP. Bilang tugon, binuksan ng SSS ang ikalawang implementasyon ng programa na may pagsang-ayon ng Pangulong Rodrigo Duterte.

Sinabi ni Ignacio na sila ay natuwa sa naging resulta ng dalawang LRP, lalo na sa bilang ng mga miyembrong tumangkilik dito. Nalagpasan ng unang LRP ang target na bilang ng mga availees ng 68 porsyento at 29 porsyento naman ang naitala ng pangalawang LRP.

Nauunawaan ng SSS na ang mga kalamidad ay ang nagiging dahilan kaya nahihirapang makapagbayad ang mga miyembro ng kanilang utang. Natutuwa kami na sa pamamagitan ng LRP, mahigit na 1.51 milyong miyembro ang natulungan ng ahensya na naapektuhan ng iba't ibang mga kalamidad upang mabayaran ang kanilang utang," sabi ni

Ignacio.

# 10 arrested for disrupting Independence Day rites

**KAWIT, Cavite** -- Police operatives here arrested 10 suspects, including 3 minors, who were in the act of disrupting the 121st Independence Day celebration at the Aguinaldo Shrine, in Kaingen village here at 7:30 a.m. Wednesday.

In a spot report from Kawit Municipal Police Station sent to the PNA, policemen from various units arrested 10 suspects identified as Norlito Albino, 52; Ronald Valderama , 19; Julius Gonzales, 30; Annie Bonifacio, 30; and Jhanete Llano, 19.

Also taken into police custody were Dante Peneda Jr.; 29; Raselle Mora, 22; and three minors aged 16 to 17.

However, the report did not elaborate how the suspects disrupted the Independence Day ceremonies.

The suspects who are now under the custody of the Kawit police will face charges of illegal assembly and alarm and scandal while the three minors were turned over to the Municipal Social Welfare and Development of Kawit for proper disposition. Albino will also be charged for resisting arrest.

Police recovered from Albino's possession cash amounting to PHP47,700.

The cases will be filed before the Provincial Prosecutor's Office in Imus City, Cavite on Thursday. **(Gladys Pino-PNA)**

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**BRANCH 15, NAIC, CAVITE**

**BANGKO MABUHAY**
(A Rural Bank), Inc.
Mortgagee/Petitioner,

**FNC-2019-26**
For: Extra-Judicial Foreclosure of Real Estate Mortgage under Act 3135 As Amended by Act4118 Mortgagors

-versus-

Ofelia O. Martinez
married to Marlon Martinez,
Mortgagor/Respondent
X - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon Extra-Judicial Petition for Sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by Bangko Mabuhay (A Rural Bank), Inc., mortgagee/petitioner, with office address at A. Soriano Highway, Daang Amaya III, Tanza, Cavite against **Ofelia O. Martinez married to Marlon Martinez**, with postal address at 287 Ramon Magsaysay St., Daine II, Indang, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of April 10, 2019 amounts to **TWO HUNDRED TWO THOUSAND THREE PESOS and 73/100 (P202,003.73),** Philippine Currency, inclusive of interest, penalties and other charges, the undersigned Sheriff will sell at public auction on June 20, 2019 at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter at the main entrance of Office of the Ex- Officio Sheriff at the Hall of Justice formerly Mayor Macario B. Pena Memorial Hall, Naic, Cavite, to the highest bidder, for cash and in Philippine Currency, the following described property with all the improvements existing thereon, to wit:

**TAX DECLARATION OF REAL PROPERTY NO. 10-0021-01378**

A parcel of land-Cadastral Lot No. 6995-part.Bounded in the North: 63 (Road); East:66 (Road Sec.020); South: 67 (Lot No. 6995-part); West: 67 (Lot 6995-part). Classified as residential, located in Daine II, Indang, Cavite. Containing an area of six hundred (600) square meters, more or less.

A two storey building (House III-B), situated at Daine II, Indang, Cavite. With floor area of one hundred fifty two (152) square meters, more or less, with a market value of P524,000.00 under tax declaration of Real Property No. 10-0021-01383.

Including all improvements existing or erected thereon, to satisfy the total amount of indebdtedness with interest, penalties, attorney's fee, all legal fees and incidental expenses your office may incur in connection with these judicial proceedings.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

Prospective bidders or buyers are hereby enjoined to investigate for themselves, the title herein above-described and encumbrances thereon, if any there be.

In case of absence of any participating bidder on the above-schedule date, said auction shall will be reset and finally held on June 27, 2019 at the same place and time above-mentioned.

Naic, Cavite, **May 21, 2019**

**MA. CAROLINA M. POTENTE**
**OIC-Sheriff IV**

**Copy Furnished:**
**BANGKO MABUHAY**
(A Rural Bank), Inc.
A.Soriano Highway, Daang Amaya III, Tanza, Cavite

**OFELIA O. MARTINEZ**
**married to MARLON MARTINEZ**
287 Ramon Magsaysay St., Daine II, Indang, Cavite

**PUBLICATION: HANEP** June 3, 10 and 17, 2019

# Palace working on teachers' pay hike

**MANILA** -- President Rodrigo Duterte appealed to public school teachers to wait a bit longer for an increase in their salaries, noting that it is harder to source funds for them given the number of educators in the country.

During the oath-taking of newly-elected officials of Cagayan de Oro City on Wednesday night, Duterte explained that he prioritized the salary hike for uniformed personnel since they retire without any source of income.

"You know military, the Armed Forces and the police, they retire at the age of 56. If they marry at the age of 30, they still have to send their children to high school, if not college," Duterte said.

"If they retire and if they don't have a business as a source of income, the family will suffer. They could not have coped to educate the children further in schooling. Now I have doubled their salaries," he added.

Duterte vowed to put teachers next in line for a salary hike but asked for patience since there are almost a million teachers in the country compared to more or less 300,000 military and police personnel.

"Next would be the teachers. We're working on it -- like what I have promised. But remember that there are millions of teachers," Duterte said.

Data from the Department of Education (DepEd) showed that there are about 830,000 public school teachers nationwide. "There are only a few policemen, something like 160. There are 130 in the military. It's easier. That is why their salaries have been doubled," Duterte explained.

Duterte stressed the importance of having a strong army to ensure security in and out of its borders.

"If you want a strong country, you need to have a strong army. Nothing will happen if you have a weak armed forces. If it's too weak, you cannot enforce the law," he added.

Earlier, Presidential Spokesperson Salvador Panelo said the government will need to raise around PHP150 billion if it would give teachers' a salary increase of PHP10,000 per month.

According to DepEd, public school teachers' monthly salary has increased by more than 100 percent since 2000.

Data from DepEd showed that the basic monthly salary of a Teacher I constituted a 119.25 percent hike, which means that following the final tranche of the Salary Standardization Law in 2019, a Teacher Inow gets PHP20,754 compared to the PHP9,466 in 2000. **(PNA)**

# USAP LANG

**JUNE BILLONES**
**0929-8127638**

## Sobrang ang hihilig magsisihan

**TINATAYANG** nasa sampung bagyo ang maaaring pumasok at tumama sa ating bansa.

Sa pagtataya ng PAGASA, ito ay maaaring maaasahan simula ngayong Hunyo hanggang Nobyembre ng taong kasalukuyan.

Dapat sa mga ganitong pagkakataon ay nakahanda po ang lahat.

Unang-una po ay ang pagkakaroon ng imbak na makakain at maiinom.

Hindi rin dapat kalimutan ang iba't ibang uri ng gamot ganoon din ang pagkakaroon ng emergency tools.

Tiyakin ding mayroong ipong pera at nakaayos ang lahat ng mahahalagang dokumento.

Parang sa mga langgam, pumapasok pa lamang ang tag-ulan ay naghahanda na sila.

Kung ang mga langgam ay nagagawa iyon, higit dapat tayong mga tao.

Alam naman natin na ang pag-uulan ay maaaring ang kasunod ay ang pagbabaha.

Isakatuparan ang wastong paglilinis ng kapaligiran dahil kalusugan ang nakasaalang-alang.

Dengue, cholera, sore eyes, diarrhea, trangkaso, leptospirosis at iba pa ang mga nakaambang sakit tuwing tag-ulan.

Pero alam ba ninyong may isa pang sakit na lumulutang sa panahon ng pag-uulan o bagyo.

Sakit ng sisihan sa hanay ng mga magulang o guardian ng mga batang mag-aaral.

Ito iyong nakapasok na ang mga estudyante saka pa lamang magdedeklara ng 'no classes' ang mga kinauukulan.

Magagalit ang mga magulang o guardian dahil mistulang basang sisisw ang mga bata dulot ng ulan o paglusong sa tubig-baha.

Pero ang ganitong sakit na sisihan ay mayroon namang solusyon.

Bilang magulang o guardian, kayo na mismo ang magpasya at huwag ng maghintay ng anunsuyo para sa mga bata.

Kung sa tingin ninyo na magsasakripisyo lamang ang inyong mga anak kung sususgod sa malakas na ulan subalit wala pa ring announcement na 'no classes' ay kayo na ang magdesisyon.

Hindi naman talaga maiaalis, tao talaga ay sobrang ang hihilig magsisihan.

Iwasang ibato ang kasalanan o sisi sa iba bagkus ay tayo na mismo ang gumawa ng hakbang sa mga ganitong sitwasyon.

Sa hanay naman ng gobyerno, dapat ay nakaalerto kayo sa lahat ng uri ng kalamidad na tumatama sa bansa.



**EMERGING NEEDS IN PROVIDING HEALTH CARE SERVICES IN THE CITY OF GENERAL TRIAS:** Persistent in carrying the basic health needs in the City of General Trias, another leg of medical and dental mission was facilitated in Belvedere Towne 3 in Barangay Pasong Kawayan II on June 07, 2019 to accommodate and assist the less privileged Caviteños. A total of three hundred seventy-four residents have availed free medical and dental services rendered by doctors, dentists and other medical professionals from General Emilio Aguinaldo Memorial Hospital with Dr. Neil Frederick Calderon, Dr. Maryann Montenegro and Dr. Cristina Lim. Dr. Winston Reyes Closas of the City Health Office was also present who has exerted effort in giving free services for the locals. Burning with the desire to help the Gentriseños, the event was made possible thru the support of Congressman Jonjon Ferrer, Mayor Ony Ferrer, Vice Mayor Morit Sison, Sangguniang Panlungsod of Gen.Trias , Board Member Kerby Salazar, General Trias Katipunan President Khei Manalo and IPP Kyle Jassel Salazar. Some medicines and vitamins were also given to Barangay Chairwoman Constancia Alcantara to be distributed to the locals of Pasong Kawayan II. Members of the barangay council and barangay health workers were also in attendance who gave valuable assistance to the mission team. **(PICAD)**

# EDITORYAL

## Kakayahan ng estudyante

**MAYROONG mahigpit na payo ang Department of Information and Communications Technology (DICT) para sa mga guro.**

**Kung maaari ay huwag dapat bigyan ang mga mag-aaral ng mga homeworks o projects ang source o kasagutan ay ibabatay mula sa mga social media.**

**Inilabas ang naturang panawagan dahil ang sabi ni DICT Secretary Eliseo Rio ay maraming natanggap na reklamo ang kanilang himpilan hinggil dito.**

**Nababahala ang kalihim dahil maaaring magamit ang mga pribadong impormasyon ng mga estudyante.**

**Hindi nga naman dapat gawin ng mga guro ang paggamit ng social media halimbawa ay ang paramihan ng 'Likes' para lamang ang isang proyekto ay makumpleto at maipasa ng mag-aaral.**

**Iba pa rin na ang mga kasagutan sa asignatura ay kukunin ng mga estudyante mula sa libro o ibang babasahin.**

**Habang ang mga projects ay mula sa sariling aspeto o pananaw na kakayahan ng estudyante.**


**ADVERTISING RATES**

COMMERCIAL - - - - -P200/col.cm

LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm



HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S.SANTOS**
*Publisher/editor-in-chief*

**JUNE BILLONES**
*Managing Editor*

**JOJO DEMETILLA**
*Advertising Manager*

**MARLON BAGUS**
*Associate Editor*

Ang **'HANEP Basahin Mo Ito!'** ay inilalathala tuwing lunes sa HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. Sebastian Kawit, Cavite

**Contact#:** 0977-7844136/ 09298127638

**Email:** ronejed@yahoo.com
haneppublication@yahoo.com

**PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication**

***Member: Publishers association of the Philippines,Inc.*** papi

# 3 'MARIA' DINAKMA

**DINAKMA ng Cavite police ang tatlong kababaihan na suma-sideline sa pagtutulak droga upang umano'y may pandagdag sa kanilang pang-araw-araw na budget at kapritso sa katawan sa magkahiwalay na lugar sa mga lungsod ng Dasmarinas at Cavite.**

Pawang nakakulong ang mga suspek na sina Norma Almario, alias "Susan Almario", 42, may-asawa, ng Brgy. 47B, Cavite City; Meldy Anoche, alias "Melby", 42, may-asawa, umano'y miembro ng Iglesia ni Kristo, ng 159 Green Sight Malinta, Brgy Sampaloc II, Dasmarinas City; at Michelle Rama, 27, dalaga, ng Block 9 Lot 2, Paliparan Site, Brgy Paliparan 3, Dasmarinas City.

Sa ulat ni Patrolman Jumar Bedural, ng Cavite City Police Station, dakong alas-5:00 ng hapon nang nagsagawa ng buy bust operation ang mga miembro ng Cavite CPS at PDEA Cavite sa Brgy 47B, Cavite City kung saan dinakma si Almario habang nasa aktong nakikipagtransaksiyon sa posuer buyer kung saan nakuhanan ng sachet ng shabu at P200 buy bust money.

Sa ulat naman ni PSSgt Kristian Vega, ng Dasmarinas City Police Station, tinatayang 10 gramo ng shabu ang nakapkapan kay Anoche matapos siya naaresto sa isang buy bust operation na ikinasa ng mga miembro ng Station Drug Enforcement Unit (SDEU) ng Dasmarinas CPS at PDEA Cavite dakong alas 8:30 Sabado ng gabi sa Brgy Sampaloc II.

Naaresto naman sa kasunod na buy bust operation na isinagawa ng mga miembro ng Station Drug Enforcement Unit (SDEU) ng Dasmarinas CPS at PDEA Cavite si Rama sa Brgy Paliparan 3.

Ayon kay PSSgt Christopher Postrero, ng Dasmarinas CPS, dakong alas-10:40 ng gabi nang isinagawa ang buy bust operation sa nasabing lugar kung saan bukod kay Rama, naaresto rin sina Ronald Magayano, 20, ng Paliparan 1, Dasmarinas City; at Eugene Polme, 55, may-asawa, ng Paliparan 3.

Nakuha sa tatlo ang 4 na sachet ng hinihinalang shabu.

Nabatid na ginagawang sideline ang pagtutulak nina Alamario at Anoche upang umano'y may pandagdag sa kita ng kanilang asawa habang panggastos sa luho naman kay Rama.

Ang mga naarestong suspek ay nahaharap sa paglabag sa kasong RA 9165. **GENE ADSUARA**

# DepEd assigns new faculty room for displaced Bacoor HS teachers

**Bacoor City, Cavite (PIA)** – The Department of Education in Bacoor has designated a new faculty room for displaced teachers as a result of the school's moving to single-shift classes this school year.

Officer-in-Charge Felizardo Bolaños, Bacoor Schools Division Supt., said school principal Anita Rom and teachers affected by displacement at the Bacoor National High School-Molino Main have agreed to use the Technology and Livelihood Education laboratory as a faculty room instead of the comfort room that the latter converted as their temporary room.

The teachers have also agreed to vacate the converted room on June 7.

"There will be no more filing of cases as Principal Rom and the teachers agreed to vacate the place today. It's moot and academic," Bolaños said referring to a supposed action against schoolteacher Maricel Herrera who was behind the viral post on the use of restroom as faculty room on social media.

The situation arose when the school implemented its decision to move to single-shift classes resulting in the conversion of faculty rooms as additional classrooms to accommodate more students. The school has an enrollment of more than 7,000 students.

To address the displacement of teachers, the principal met with the teachers on May 27 with minutes of the meeting indicating that the principal offered the library, the guidance center, and the advisory classrooms to serve as temporary faculty rooms.

However, 11 of the school's 236 teachers opted to convert a restroom into a faculty room.

The DepEd said the use of the restroom as faculty room was the choice of the 11 teachers who then complained about it in social media.

According to Bolaños, Bacoor City Mayor Lani Mercado-Revilla, in her meeting with Education Undersecretary Jesus Mateo and DepEd Regional Director Carlito Rocafort of Region IV-A, has offered the construction of a four-storey, twelve-classroom building in addition to the present school facilities

He added that budget for the construction of the proposed school building will come from the Special Education Fund (SEF) and other fund sources. **(Ruel Francisco, PIA-Cavite)**

# Bilang ng namamatay na preso sa Cavite, nadagdagan na naman

HINDI na umabot ng buhay sa ospital ang isang 58-anyos na preso sa Imus City Custodial Center nang isugod ito matapos na nahirapang huminga, ang pang-22 bilang ng naitalang namatay na preso ng kasalukuyang taon.

Sa ulat ni Patrolman Jessie Villanueva, ng Imus City Police Station, dakong alas-3:40 ng hapon nang isugod si Villanueva sa Medical Center of Imus matapos itong nahirapang huminga subalit idineklarang dead on arrival.

Inaresto at nakulong si Villanueva noong May 28, 2019 dahil sa kasong paglabag sa RA 9165.

Matatandaan na kamakailan ay namatay si Orlando Quindara, 50, na nakulong sa Gen Trias City Custodial Center dahil sa kasong Kidnapping matapos na isugod sa Philippine General Hospital dahil sa Brain Hernation Sydrome.

Si Villanueva ang pang-22 sa naitalang namatay na preso mula Enero 2019 kung saan nanguna pa rin ang Dasmarinas City Custodial Center na may 13; 4 sa Bacoor City Custodial Center, 2 sa Imus City CS at 2 sa Gen Trias City Custodial Center. **GENE ADSUARA**

# Lolo, dedo sa ilog

**NASAWI** matapos na nalunod ang isang 69-anyos na lolo nang mahulog sa ilog habang naglilinis sa likurang bahagi ng bahay sa Dasmarinas City, Cavite.

Sinubukan pang isalba ng mga doctor sa Pagamutan ng Dasmarinas City subalit namatay din ang biktimang si Jaime Pradas, binate, ng Block 16 Lot 4 Brgy San Luis 2, Dasmarinas City.

Sa ulat ni PMSgt. Rolando Paulo Figueroa, ng Dasmarinas City Police Station, dakong alas-9:00 ng Lunes ng umaga nang naganap ang insidente sa likurang bahagi ng isang bahay sa Brgy san Luis 2, Dasmarinas City, na tabi lamang ng ilog.

Ayon kay Figueroa, pinaglinis umano ang biktima sa likurang bahagi ng bahay ni Joel dela Cruz at dahil maputik at madulas ay bigla umano itong nahulog at bumulusok sa ilog.

"Babayaran siya ng kanilang kapitbahay na maglinis sa likod ng kanilang bahay kaya lang maputik dahil nasa gilid lamang ng ilog kaya ito nahulog sa ilog na may lalim na 10 feet," ayon kay Figueroa.

Nahirapang namang iahon ang katawan ng biktima ng mga rumespondeng miembro ng Dasmarinas City Rescue Team dahil matarik at pabulusok ang pababa sa ilog bago isinugod sa opital subalit hindi na ito umabot ng buhay. **GENE ADSUARA**

# Pag-aaral sa 'Palawan Pangolin' matatapos na sa Agosto 2019

**PUERTO PRINCESA, Palawan (PIA)** — Matatapos na sa Agosto 2019 ang pag-aaral sa Palawan Pangolin. Ito ang inihayag ni Palawan Council for Sustainable Development Staff-Environmental Critical Areas Network (PCSDS-ECAN) Regulation and Enforcement Division Officer In-Charge Levita Lagrada kamakailan sa kanilang Kapihan.

Ayon kay Lagrada, ang pag-aaral sa Palawan Pangolin ay magkatuwang na isinasagawa ng Katala Foundation, Inc. at ng PCSDS. Sinimulan ito noong huling linggo ng Setyembre 2018.

Dagdag pa ni Lagrada na layon ng pag-aaral sa Pangolin o mas kilala sa tawag na Balintong ng mga taga-Palawan ay upang matukoy kung saang lugar sa lalawigan naninirahan ang mga ito at kung gaano pa karami ang bilang nila upang makalikha ang kanilang ahensiya ng mga estratehiya para sa proteksiyon ng mga ito.

Isinasagawa ang pag-aaral sa bahagi ng Mt. Victoria Anipahan Range, partikular sa Bayan ng Narra kahit na sa impormasyong nakalap ng PCSDS ay mas kaunti ang populasyon ng nabanggit na hayop sa bahaging sur ng lalawigan ngunit maaari umanong ganoon dahil kaunti lang din ang isinagawang pag-aaral sa bahaging ito.

Umaasa naman ang PCSDS na kapag natapos ito ay magiging daan ito sa pagdideklara ng critical habitat ng Balintong. Ang Palawan Pangolin o Balintong na tinagurian na ring 'critically endangered species' ay itinuturing na "most traffic" na hayop o ang pinakapalagiang iligal na ipinupuslit sa ibang bansa dahil sa pinaniniwalaan umano itong nakapagpapagaling ng iba't-ibang sakit.

Ayon sa mga pag-aaral, ang Pangolin sa Pilipinas ay makikita lamang sa lalawigan ng Palawan. Endemic sila sa mababang bahagi ng gubat sa anim na mga isla ng Palawan, batay sa impormasyong ibinahagi ng PCSDS.

Matatagpuan lamang umano ang mga ito sa mainland Palawan at sa mga karatig na mga isla kabilang ang Busuanga, Coron, Culion, Dumaran at Balabac, bagamat mas marami sila sa northern at central part ng lalawigan kumpara sa timog-Palawan.

Ipina-alaala din ng PCSD na napakahalagang mapangalagaan ang mga Balintong dahil sa napakalaking papel na kanilang ginagampanan sa eco-system natin kung saan sila ang nagre-regulate ng populasyon ng mga insekto. **(OCJ/PIA-MIMAROPA, Palawan)**

# Pagpapalapad sa Subic Freeport Expressway, sisimulan sa Hulyo

**LUNGSOD NG MALOLOS (PIA)** — Tuloy na ang gagawing pagpapalapad sa ngayo'y salubungang Subic Freeport Expressway o SFEX.

Ayon kay NLEX Corporation Corporate Communications Head Kit Ventura, nakatakdang simulan ang proyekto ngayong Hulyo matapos lumagda sa kontrata ang NLEX Corporation at Sta. Clara International Corporation para sa P1.6 bilyon SFEX Capacity Expansion Project.

Sa kasalukuyan, salubungan ang SFEX at nagiging tatlong linya lamang kapag pababa o paakyat ang kalsada.

Dahil dito, kapag ang isang maliit na sasakyan ay may kasunod na malaki at mahahabang trak na mabagal sa pag-akyat, hindi na makalagpas ang mga sasakyan na nagdudulot ng pagkakaroon ng mahabang pila dahil mababagal na takbo.

Kaya't gagawa ng panibagong dalawang linyang daan upang ang kasalukuyang salubungan ay maging tig-dalawang linya sa magkabilang panig. Ang nag-iisang tunnel at tulay sa kahabaan ng SFEX ay gagawing dalawa, na ipapantay sa magiging lapad ng nasabing expressway. Lalagyan din ito ng expressway-standard LED lights upang matiyak na ligtas bumiyahe sa bulubunduking SFEX.

Taong 1995 nang unang ipinagawa ni noo'y Pangulong Fidel V. Ramos ang SFEX bilang gateway sa Subic Bay Freeport Zone para sa 1996 Asia Pacific Economic Cooperation Leaders' Summit. Nang magawa ang Subic-Clark-Tarlac Expressway, ikinabit ito sa SFEX sa bahagi ng Tipo.

Aprubado na rin ng Toll Regulatory Board ang proyekto. Ang NLEX Corporation ay binigyang ng konsesyon ng pamahalaan upang pangasiwaan ang operasyon at modernisasyon ng SFEX. **(CLJD/SFV-PIA 3)**

# ANOMALYA SA BOYS TOWN, TUTUTUKAN NI ISKO

**ISANG malawakang imbestigasyon ang agad na ipag-uutos sa pag-upo ni incoming Manila Mayor francisco Isko Moreno Domogoso kaugnay ng sinasabing anomalya sa Manila Boys Town.**

Ito ay matapos madiskubre ang mga ibabaon sanang mga food supplies na maaaring pang pakinabangan.

Ayon kay Moreno, kanyang paiimbestigahan ang naturang usapin kung saan kilu-kilong bigas, asukal, kape, mga noodles, oatmeal, at mga tsokolate ang itinapon na sa isang malalim na hukay.

Ito ay nadiskubre makaraang makatangap ng impormasyon si Moreno mula sa isang concern citizen na ibabaon na ang mga food supplies sa mismong loob ng naturang complex.

Ang mga nadiskubreng pagkain na nakahiwalay na sa kanilang packinging at may palatandaan na nakatakda na itong itapon.

Maliban dito, nalaman din na hindi pa paso ang mga pagkain kaya nadismaya si Moreno.

Sinabi ni Moreno na malinaw na isa itong uri ng pananabotahe sa pamahalaan ng lungsod ng Maynila.

Dahil dito, sa unang araw ng kanyang pag-upo bilang bagong alkalde ay paiimbestigahan ang nasabing anomaly upang mapanagot ang opisyal at mga empleyado na sangkot dito. (**Leonard Basilio**)

# Peace advocacy against insurgency launched in Lipa

***LIPA CITY (PIA)*** - The Philippine Air Force has rolled out its advocacy for peace at the Fernando Air Base in Lipa City this June 7 in support of the national task force working to end insurgency in the Philippines.

Col. Gerardo Zamudio, Jr. of the Office of the Assistant Chief of Air Staff, said the the peace advocacy is in support of the national task force working to end the Communist armed conflict pursuant to Executive Order 70 that President Duterte signed in December 2018.

In line with the peace advocacy, the PAF also launched on Saturday, June 8 the multi-sectoral forum Usapang Pangkapayapaan, Usapang Pangkaunlaran Timog Luzon (Up Up, Timog Luzon) and Project Tinta which are both platforms for the government to discuss its whole of nation approach in ending insurgency.

Major General Antonio Parlade, Jr., Deputy Chief of Staff of Armed Forces for Civil Military Operations and a national task force official, has been working on an information campaign to end insurgency and bring about peace in the country.

"This advocacy is meant to unify our government efforts in working towards achieving peace. We hope to see an end to the insurgency problem before the end of the Duterte administration," Parlade said.

The Philippine Information Agency is part of the government task force designated as chair of the strategic communication cluster.

Other state agencies in Calabarzon region have organized an action plan to address the root cause of insurgency ranging from establishing more government presence in the communities, improving accessibility and delivery of services to basic sectors and partnering with the private sector in opening up employment opportunities.

The peace advocacy will visit other provinces in the country until July. **(MCA, PIA-LAGUNA)**

# Ex-PNP director named new PDEA deputy chief

**MANILA** — President Rodrigo Duterte has appointed former Philippine National Police (PNP) Directorate for Intelligence, Gregorio Pimentel, as Deputy Director General of the Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA).

Duterte appointed Pimentel on June 4 but a copy of his appointment paper was released to media on Monday (June 10).

Pimentel will replace Jesus Fajardo, who was appointed as deputy commissioner of the Bureau of Customs (BOC).

Prior to his stint as PNP Directorate for Intelligence, Pimentel was head of the PNP Highway Patrol Group in Davao City.

In January 2018, Duterte was primary sponsor at the wedding of Pimentel and his wife, singer and Social Welfare Assistant Secretary Michelle Ortega.

Aside from Pimentel, Duterte also appointed Maria Fe Pili Aliño as member of the board of directors at the People's Television Network Inc. representing the private sector and broadcast industry; Luningning Misuarez-Umar as member of the Philippine Commission on Women representing the indigenous peoples sector; Sherwin Mylil Sepe Begyan as member of the board of directors at the Mindanao Development Authority representing the business sector; and Elizabeth Chaves Lagrito as member of the Professional Regulatory Board of Nursing at the Professional Regulation Commission, among others. **(PNA)**

# Regional Task Force vs insurgency launched in Ilocos region

***BAUANG, La Union*** — A task force to protect the region against insurgency through the efforts of the Armed Forces of the Philippines (AFP), the local government units, and the community has been launched in Region 1 (Ilocos).

The Regional Task Force to End Local Communist Armed Conflict is a spin-off from the National Task Force to End Local Communist Armed Conflict chaired by no less than President Rodrigo Duterte.

"What we want to do is to preserve the gains and advances of progress and development in all these provinces. We have a lot to do in Region 1 with developmental efforts. If we cannot guard our provinces, how can we extend our expressway and the road networks? This time, it will not just be AFP who will operate, but civilian bureaucracy and the people will be involved, "National Security Adviser Secretary Hermogenes Esperon Jr. said in a phone interview Monday.

Esperon said the new peace talks is not just about ceasefire, but of bringing government services to the people.

"We will bring services to the affected areas but at the same time, we will bring better services to the vulnerable areas which are not necessarily affected by insurgency," he said.

The launching last week was held alongside the joint meeting of the Regional Peace and Order Council (RPOC) chaired by Ilocos Norte Governor and Senator-elect Imee Marcos and the Regional Development Council (RDC) chaired by Vigan City Mayor Juan Carlo Medina.

Esperon announced during the meeting his designation as the supervisor or overseer for the Region 1 task force.

"We are here today because of Executive Order 70 that was issued last December 2018 by President Rodrigo Duterte. The RPOC and the RDC are the two regional councils that I would now be visiting every now and then as the Cabinet Officer for the Regional Development and Security (CORDS)," said Esperon, who hails from Asingan town in Pangasinan. **(PNA)**

# Estudyante patay, 1 pang Estudyante at driver sugatan sa aksidente

**NASAWI** ang isang 20-anyos na estudyante habang sugatan ang isang Grade 12 student na kasama nito sa sasakyan at ang driver ng water tank truck nang bumangga ang minamanehong kotse sa isang papatawid na water tank truck sa Silang, Cavite.

Hindi na umabot ng buhay sa Tagaytay Medical Center ang biktimang si Charles Patrick Hernandez, ng Unit 185 Tierra Verde Townhomes, Brgy Habay, Bacoor City, Cavite dahil sa matinding pinsala sa katawan.

Ginagamot din sa nasabing ospital si Angeliz Cosme, 17, ng 153 Justine Ville Subd., Brgy Panapaan 7, Bacoor City; at ang driver ng isang Izusu water tank truck na si Danilo Lubasta, 51, ng Purok 158, Brgy San Jose, Tagaytay City.

Sa ulat ni PSSgt Aries Mendoza, ng Silang Municipal Police Station, dakong ala-1:30 ng Martes ng madaling araw nang naganap ang insidente sa E. Aguinaldo highway, Brgy Buho, Silang, kung saan minamaneho ni Hernandez ang isang Toyota Vios (AJA 9837) at kasama nito si Cosme habang binabagtas ang nasabing lugar galing sa south direction patungo sa north direction.

Minamaneho naman ni Lubusta ang isang Izusu water tank truck na may conduction sticker (CT 0252) at papatawid sa naturang lugar nang masagi ang kaliwang bahagi ng kanyang truck ng minamanehong kotse ng nasawing biktima.

Dahil sa pangyayari, umikot ang Toyota Vios at rumampa sa isang concreate ladder.

Dinala ang mga estudyante at driver ng water tank subalit idineklarang dead on arrival si Hernandez. GENE ADSUARA

# Paglikha ng trabaho, tututukan ng pamahalaang panlalawigan ng Quezon

LUNGSOD NG LUCENA, Quezon (PIA) - Inihayag ng pamahalaang panlalawigan ng Quezon na tututukan nito ang paglikha ng maraming pang trabaho ngayong taon upang makatulong sa mga konstitwente nito.

Sa isinagawang flag raising ceremony kamakailan sa harapan ng kapitolyo ng Quezon, iniulat ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng Provincial Public Employment Service Office (PESO) ang ilan sa mga aktibidad na isinasagawa nila sa iba't ibang bahagi ng probinsya na may kinalaman sa prospect ng trabaho.

Kabilang dito ay ang patuloy na pagsasagawa ng job fair, online services para sa iba't ibang sangay ng gobyerno, OFW help desk, local at special recruitment activities gayundin ang career guidance at employment coaching na naging daan sa paglikha ng libong trabaho sa mga taga lalawigan ng Quezon.

Ayon sa datos ng PESO, nasa walong job fairs na ang naisagawa ng kanilang tanggapan para sa taong 2018 at 25 na career coaching sa mga munisipalidad ng Real, Sampaloc, Candelaria, Sariaya, Atimonan, Alabat, San Francisco, Agdangan, Tayabas City at Lucena City. Sa kabuoan, nasa 4,436 na ang bilang ng mga benepisyaryo ng nasabing programa.

Sa pamamagitan ng tanggapan ng PESO, nakakapaghikayat rin ang pamahalaang panlalawigan ng mga iskolar para sa Gokongwei Brothers Foundation na kasalukuyang pinakikinabangan na ng 16 na mag-aaral mula sa Quezon Province.

Kaugnay ng mga programang ipinatutupad ng Provincial PESO, ibinahagi naman ni Quezon Gov. David Suarez na isa sa kanyang layunin ay mas mapababa pa ang lebel ng unemployment rate sa Quezon. Aniya, makakamit lamang ito sa pamamagitan ng maigting na pagtutulungan ng pamahalaang nasyunal at ng pamahalaang panlalawigan sa mga darating pang panahon.

"Through the efforts of the national government and provincial government (Sa pamamagitan ng pagsisikap ng pamahalaang nasyunal at lokal), kung sa malnutrition napababa natin to single digit and malnutrition rate ng province, siguro hindi rin masamang ipangarap na ibaba din natin to single digit ang unemployment rate ng Lalawigan ng Quezon," ayon sa opisyal.


Nagpasalamat din ang gobernador sa mga empleyado ng pamahalaang panlalawigan na naging bahagi ng kanyang 9 na taong serbisyo bilang ama ng Lalawigan ng Quezon. (Ruel Orinday-PIA-Quezon/ may ulat mula sa Quezon PIO)



# WAGAYWAY FESTIVAL 2019: MAS

Masaya, makulay at makasaysayan – Ito ay ilan lamang sa paglalarawan sa taunang Wagayway Festival ng Lungsod ng Imus tuwing buwan ng Mayo, bilang selebrasyon sa pagsisimula ng National Flag Days tuwing ika-28 ng Mayo.

Ang isang buwang pagdiriwang ng Lungsod ng Imus, sa pangunguna ni Punong Lungsod Emmanuel L. Maliksi ay sinimulan noong ika-5 ng Mayo sa ika-limang Run for the Flag sa The District Imus. Isa rin sa mga dinarayo tuwing Mayo ang **Food-Ibig** sa Imus na binubuo ng iba't ibang mga food stall na panalo sa panlasang Pinoy.




Kasabay din nito noong ika-6 ng Mayo ang pagsisimula ng Imus Historia Photo Challenge para sa mga amateur at professional photographers, at maging sa mga photo enthusiast. Tampok dito ang mga historical marker sa lungsod upang lubos na ipamalas ang mayamang kasaysayan ng Imus.




Maraming mananakbong Imuseño rin ang nakiisa sa **55k Ultra Marathon**, kabilang na si Mayor Maliksi na aktibong nakilahok noong ika-16 ng Mayo na nagsimula sa Imus City Plaza. Bukod dito, patuloy din ang paghahatid ng Pamahalaang Lungsod ng mga natatanging serbisyo para sa mga Imuseño.

Kabilang na dito ang Mega Job Fair noong Mayo 24 sa CityMall Anabu at Coop Trade Fair noong Mayo 29 hanggang 30 sa The District Imus. Naghatid din ng kasiyahan at papremyo sa mga Imuseño ang ABS-CBN sa **SorpreSaya Truck** nito kasama ang ilang Kapamilya Stars kagaya nina Daniel Padilla, #Hashtags, Reggie Tortugo, Aila Santos at DJ Jhai Ho sa City of Imus Polytechnic Institute Grounds noong Hunyo 1.








Tampok din sa isang buwang pagdiriwang ang **Uprising: Wagayway Music Festival**, kung saan daan-daang Imuseño ang nakisabay sa mga awiting Pinoy mula sa mga lokal at kilalang banda

# AYA, MAKULAY, MAKASAYSAYAN



kagaya ng Kamikazee, Caracal, Typecast at Nothing to Declare noong Mayo 25 sa City of Imus Polytechnic Institute Grounds.




Ipinagmamalaki naman ng lungsod ang makulay at makasaysayang **Banderada noong** ika-27 ng Mayo, kung saan ipinapakita ang ebolusyon at simbolismo ng watawat ng Pilipinas. Kaisa rito ang iba't ibang sektor sa lungsod, mga tanggapan ng gobyerno at maging mga non-government organization.

Kabilang sa mga nakiisa ang sister city ng Imus, ang Miag-ao, isang first class na munisipalidad sa lalawigan ng IloIlo. Gamit ang kanilang ipinagmamalaking Hablon, nagsagawa ng isang fashion show tampok ang mga disensyo mula sa mga designer ng Miag-ao at ng Imus.




Nagpakitang gilas din ang mga mananayaw ng Miag-ao na nagwagi sa kanilang Salakayan Festival. Tunay na iba ang husay at talento ng mga Filipino.

Ang isang buwang selebrasyon ay nagtapos sa pagdiriwang ng **Araw ng Watawat** noong ika-28 ng Mayo sa Dambana ng Pambansang Watawat ng Lahi (Imus Heritage Park) sa pakikipagtulungan ng National Historical Commission of the Philippines, kasama si G. Ruel Maranan, President at Member of the Board of Trustees ng Ayala Foundation bilang panauhing pandangal.

Ang Wagyaway Festival ay ang natatanging pagdiriwang na hango sa kasaysayan ng Pilipinas. Dito ginugunita ang makasaysayang Labanan sa Alapan na naganap noong ika-28 ng Mayo taong 1898, kung saan nakamit ng mga Filipino ang tagumpay laban sa mga Kastila para sa kalayaan ng bansa.




Ito rin ang unang pagkakataon kung saan iwinagayway ang watawat ng Pilipinas na inuwi ni Heneral Emilio Aguinaldo mula sa Hongkong. Bukod sa kalayaan, ang tagumpay na nakamit sa Alapan ay sumasagisag sa nagkakaisang Pilipinas, at umaalab na pagmamahal ng mga Filipino sa bayan.

Ito rin ang nagsilbing "pambungad ng mga sunud-sunod na tagumpay," at simula ng pagkakatatag ng isang malayang republika.

# COURT WORKERS URGED TO UPHOLD JUDICIARY'S INTEGRITY

MANILA — Chief Justice Lucas P. Bersamin on Tuesday urged court officials and workers throughout the country to stand by the independence of the judiciary and its role of dispensing justice to everyone.

Speaking at the 118th anniversary of the Supreme Court (SC), Bersamin thanked all magistrates and court personnel in supporting his four-point agenda he spelled out when he assumed the judiciary's highest post.

These are the revision of the rules of court to expedite proceedings, improvement of the physical structure of the courts to make them more accessible to the people, enhancement of the selection process in the appointments to the judiciary, and eradication of corruption and other irregularities in the courts and in the legal profession.

"Ang totoo, napakarami na tayong dinaanan na mga pagsubok at paghamon sa ating Hudikatura. Sa wari ko, nalampasan at nadaig naman natin ang mga ito. Ang tagumpay ay kaya natin ipagpatuloy sa pagharap natin sa mga darating pa na pagsubok at paghamon kung tayo ay magkaisa at magkapitbisig (The truth is we have gone through a lot of tests and challenges to our judiciary. As I see it, we have surpassed all these challenges. We can continue achieving success as we face more challenges together)," the Chief Justice said.

He said the judiciary has passed all the challenges against its integrity and unity "and these challenges honed the judiciary in effectively fulfilling its role of dispensing justice and upholding the rule of law."

"Bilang inyong Punong Mahistrado, ako ay buong tiwala na ipagpatuloy natin ang ating samahan at pagkakapitbisig, at tiyak ko na walang dahilan na hindi tayo magtatagumpay sa mga pagsubok at hamon na darating (As your Chief Justice, I fully trust that we will continue our good relations and working together, I am sure that there is no reason why we won't succeed and surpass all forthcoming challenges)," he added.

The country's judiciary was created on June 11, 1901 by the United States Philippine Commission Act 136, which provided for the "Organization of Courts in the Philippine Islands" headed by the SC - with trial courts in the provinces and municipalities.

Various courts were subsequently put up by amendatory laws to expand and enhance the judiciary's jurisdictions on issues and cases that may be brought before the courts for adjudication. (PNA)

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**BRANCH 15, NAIC, CAVITE**

**NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION,**
Mortgagee/Petitioner,

-versus-

**FNC-2019-28**
For: Extra-Judicial Foreclosure of Real Estate Mortgage under Act 3135, as Amended by Act 4118

**KATHERINE R. BUGTAI**
**married to NOEL C. BUGTAI,**
Mortgagor/Respondent.
x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon Extra-Judicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118 filed by **NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION**, mortgagee/ petitioner, with office address at 104 Amorsolo Street, Legaspi Village, Makati City against KATHERINE R. BUGTAI married to NOEL C. BUGTAI, with postal address at Blk. 26 Lot 40 Phase 2 Villa Apolonia, naic, Cavite/ 905 Cristobal Street, Paco Manila to satisfy the mortgage indebtedness which as of April 30, 2019 amounts to NINE HUNDRED THOUSAND SIX HUNDRED THIRTY ONE PESOS AND 81/100 (Php 900,631.81) Philippine currency, inclusive of interest, penalties and other charges, the undersigned Sheriff will sell at public auction on June 20, 2019 at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter at the main entrance of the Office of the Ex-Officio Sheriff at the Hall of Justice formerly Mayor Macario B. Pena Memorial Hall, Naic, Cavite, to the highest bidder, for cash and in Philippine currency, the following described property with all the improvements existing thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-571386**

A parcel of land (Lot 40, Block. 26 of the consolidation subdivision plan PCS-04-010852 being a portion of the consolidation of Lots 1483, 1484 and 1469, naic Estate) situated in the Brgy. of Sabang, Mun. of Naic, Prov. of Cavite, Is. of Luzon. Bounded on the NW along line 1-2 by Lot 41; on the NE along line 2-3 by Lot 14; along line 3-4 by Lot 15; on the SE along line 4-5 by Lot 39, all of Blk. 26; & on the SW., along line 5-1 by Rd. Lot 11; all of the cons/ subd. plan. X X X Containing an area of SIXTY ONE SQ. M. & SEVENTY FIVE SQ. DEC. (61.75) SQ. METERS. X X X

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

Prospective bidders or buyers are hereby enjoined to investigate for themselves, the title herein above-described and the encumbranches thereon, if any there be.

In case of absence of any participating bidder on the above-scheduled date, said auction sale will be reset and finally held on June 27, 2019 at the same place and time above-mentioned.

Naic, Cavite, **May 21, 2019.**

**(Sgd.) MA. CAROLINA M. POTENTE**
Sheriff IV

**Copy Furnished:**
**NATIONAL HOME MORTGAGE FINANCE CORPORATION**
104 Amorsolo Street, Legaspi Village, Makati City

**KATHERINE R. BUGTAI**
**married to NOEL C. BUGTAI**
Blk. 26 Lot 40 Ph 2 Viila Apolonia, Naic Cavite/
905 Cristobal Street Paco Manila

**Publication: HANEP** June 3,10 and 17, 2019




## UNANG LEG NG TRIPLE CROWN

Nasungkit ng kabayong si Real Gold ang unang leg ng "Triple Crown Stakes Race" para sa taong ito na ginanap sa pista ng San Lazaro. Si Real Gold ay mahusay na ginabayan ng may gamay sa kanya na hinete na si Pao Guce at nakapagtala ng limang kabayong agwat na panalo matapos na makaremate sa paborito nilang daraanan sa may gawing labas. Tinapos ni Real Gold ang karera sa tiyempong 1:40.4 (24'-24'-25'-27') para sa distansiyang 1,600 meters. Samantala nagwagi naman ang paboritong kalahok na si Serafina na nirendahan ni Sadam Pilapil sa naganap na "3YO Locally Bred Stakes Race" maganda ang naging diskarte ni Sadam sa kanyang dala papasok sa huling 600 meters at dinaanan lamang ang mga nasa unahan na kalaban na sina Mona's Mark, Silab at Dansalan. Pagsungaw sa rektahan ay umektad na sa harapan si Serafina sa nakasunod na sina Silab at Dansalan, sabay pasok na rin sa gawing labas ang may malakas na bulusok na kabayong si Iikot Lang subalit huli na ang lahat dahil pameta na sina Sadam. Naorasan ang tampok na pakarerang iyan ng 1:42.8 (24'-24'-25'-28) para sa 1,600 meters na distansiya o isang milya. Kahit naman nanggaling pa sa bugaw ay nagawa pa rin manalo ng dehadong si Shanghai Noon sa kamay ng hineteng si Oneal Cortez upang masungkit ang unang serye ng "Hopeful Stakes Race" matapos magsimulang paremetahin pagdating sa 1,000 meters ay isa- isa nilang dinaanan ang lahat ng kanilang mga nakalaban hanggang sa maagaw nila ang bandera sa may huling kurbada at nagdire- diretso na sa meta. Naorasan si Shanghai Noon ng 1:42.2 (24'-24'-25'-27') sa distansiyang 1,600 meters na labanan.

## 6 Abu Sayaff, nalambat

Magkakasunod na naaresto ng pinagsanib na tauhan ng National Bureau of Investigation(NBI), Naval Intelligence and Security Group(NISG) at Armed Forces of the Philippines (AFP) ang anim na miyembro ng Abu Sayaff Group sa magkakahiwalay na operasyon kamakailan, sa Taguig City, Balanga City at Zamboanga City.

Ihinahrap ni NBI Asst. Deputy Director for Intelligence Service Eric Distor, ang mga naarestong sina Azmier Maalum Y Girang alyas Totong Aling; Amar Assan Y Sapalludin, alyas Abu Sonny, Abubakar ; Musa Tahil Sampang, alyas Hadji Ramon Gonzales, Hadji Butah; Jamil IbrahimY Aril, alyas Malangka Diwasa; Yong Aming Y Hassin, alyas Jamal Taib; Majuk Tahil Y Amil, alyas Enjie, Ejemal.

Napag-alamang unang naaresto si Maalum, na may walong warrant of arrest para sa 8 counts ng kidnapping at serious illegal detention may kauganayan sa 2001 Golden Harvest Kidnapping matapos na makatanggap ng impormasyon na nagtatago ito sa Taguig City kasama si Assan.

Dahil sa pag-aresto kay Maalum at Assan noong Mayo 16 ,itinuro naman ni Assan ang kinaroroonan ni Sampang kaya ito naaresto noong Mayo 20 sa isang fastfood sa Balanga City.

Nabatid na si Assan ay may kasong Obstruction of justice at dalawang counts ng falsification of public document at si Sampang ay sangkot naman sa D.Torres Memorial Hospital Kidnapping sa Lamitan,Basilan.

Habang sina Ibrahim, Aming at Tahil ay naaresto naman sa Zamboanga City.

Nabatid na sina Ibrahin at Aming ay may 8 warrant of arrest para sa 8 counts ng kasong kidnapping with serious illegal detention may kaugnayan sa 2001 Golden Harvest Kidnapping at si Tahil naman ay may kasong kidnapping rin sa Patikul, Sulu.

Ang anim na ASG mananatili sa Zamboanga Regormatory Center para harapin ang kanilang mga kaso. (**Leonard Basilio**)


# CLASSIFIED ADDS

**JOJO DEMETILLA**
**Advertising Manager**
**0929-2415793**

**Upholstery**
**0947-3254064**
**Look for Rommel**

**B3W Motor Shop**
**(Maayos na serbisyo sa mababang presyo)**
**Ligtong 3, Rosario, Cavite**


**Tata Ver's Family KTV(TVFK)**
**Home of exotic pulutan**
**Located at 1337 Juan Luna St.**

**MANS ALTERATION-TAILORING**
**Located at Town Plaza**
**Noveleta,Cavite**

**SOUTH STAR PRINT CENTER**
**Alima, City of Bacoor, Cavite**
**Accepts: offset, letterpress, riso, pvc ID, all kinds of office forms.**
**We also buy and sell all kinds of printing machineries**
**Contact: (046) 434-6167**

# HANEP SHOWBIZ

## RIA ATAYDE: HINAY-HINAY LANG



**LAST na inyong narinig kay Ria Atayde tungkol sa kanyang usaping puso ay confirm from her na wala pa.**

Meaning ay still zero ang love life ng aktres even at nariyang lumulutang ang name ni JM de Guzman.

Paglilinaw nga po kasi ni Ria ay hindi pa dumarating sa puntong ligawan between her and JM.

Solo date, yes at nangyayari as in dalawa lamang sila at hindi kasama ang tropa.

Well, grupo naman talaga sila at masasabing isang barkadahan na masasaya.

Hindi naman naiaalis na sa pagkakaibigan na minsan ay nagkakaroon ng something.

Iyon bang special treatment na iyon ang tila nangyayari kina JM at Ria.

Date na nga bang matatawag kung kayo lamang dalawa ang lumalabas without the presence of barkadas?

Ang puwedeng itawag diyan ay special friend, ibig sabihin ay natatangi ang pagtingin nila sa isa't isa bilang magkaibigan.

May punto naman si Ria, nagsisimula ang lahat sa barkadahan.

Then sa pagiging isang malapit na kaibigan then ang posibilidad na katutunguhan.

Maganda rin ang tugon ng aktres, hindi nga naman dapat nagsasalita nang tapos.

Maaaring humantong sa ligawan blues pero dapat nga 'ika ni Ria ay hinay-hinay lamang.

27-anyos na si Ria, Maria Sophia sa tunay na buhay, kaya alam na niya what is good and bad.

Ang nais ng aktres ay need muna niyang makilala nang lubusan si JM.

Kapatid ni Ria ang aktor na si Arjo at silang dalawa ay bunga ng kapwa mahusay na mga artistang sina Sylvia Sanchez at Arturo Atayde.

@@@

TAMBALANG AI AI AT BAYANI



Stress o problemado, tanggal iyan sa tambalang Ai Ai delas Alas at Bayani Agbayani.

This June 19 ay showing na ang kanilang pelikulang 'Feelennial' (Feeling Millennila) sa ilalim ng direksiyon ni Rechie del Carmen.

Tiyak na super kilig ito at walang humpay na katatawanan dahil perfect ang kombinasyon ng dalawa.

Ang producer nito ay si Pops Fernandez na talaga namang paborito ang pelikulang komedya.

Tangkilin po ang tambalang Ai Ai at Bayani.

# IISA... IKAW AT AKO

Sa panulat ni Kuya Arman

### (Ika-13 labas)

**LABIS** ang pagkakabigla ni Cecile sa ginawang panghahalik sa kanya ni Bernie.

Tatlong sunod na halik pero sa pisngi lamang at kasabay ng pagsabi ni Bernie kay Cecile na matutulog na siya.

Hindi naman alam ni Cecile kung magagalit ba siya at pagagalitan si Bernie.

Pilit na lamang na inisip ni Cecile na mukhang tiyahin nga siguro ang tingin sa kanya ni Bernie.

Ang ginawang panghahalik ni Bernie sa isip ni Cecile ay isang uri ng paglalambing.

"Sige matulog ka na ha, ulitin ko at bukas ay aalis tayo. Isasama kita."

Bago pa man ganap na makalabas ng silid ay hindi nakaligtas sa paningin ni Cecile ang isang kakaibang tanawin.

Nakahiga na si Bernie at ang suot na pantulog na pang-ibaba ay padyama.

Ang kakaibang tanawing nasulyapan ni Cecile ay ang tila nakabukol sa harapan ng padyama ni Bernie.

"Tiyahin nga kaya ang tingin at turing n'ya sa akin? O baka naman may ibang interes s'ya sa akin?"

Matagal-tagal na rin si Cecile sa kanyang kuwarto pero hirap siyang dalawin ng antok.

Sa pagkakahiga ay pabaling-baling si Cecile dahil may ibang pumapasok sa kanyang isipan.

"Kung tiyahin lamang ang tingin n'ya sa akin, dapat ay walang ganoong response."

"Dapat ay natural lamang at 'di s'ya makakaramdam ng kakaiba para sa akin."

Mas nananaig sa isipan ni Cecile na mayroong ibang pagnanasa sa kanya si Cecile bunga ng napansing tanawing iyon.

Hirap tuloy si Cecile makagawa ng antok dahil puro katanungan sa sarili ang pumapasok sa isipan.

"Tunay na maganda, walang kasing ganda."

**(Sundan)**

# "TANIM SA TIYAN"

NOBELA NI ATE JOSIE

### (5)

**NAKALABAS** na ng bahay si Allan at eksaktong pagkabukas ng gate nang siya ay tawagin ng kanyang yaya.

"Naku 'Mam kakalabas lang po ni Allan, dala n'ya ang 'bike at iikut-ikot lang daw po s'ya."

Tumawag sa telepono ang mommy ni Allan at iyon ay alam niya.

Narinig ni Allan na ang kausap ng kanyang yaya ay ang mommy niya.

Kaya naman mas minabuti ni Allan na magmadali at kaagad na inilabas ang bisikleta.

Gusto niyang makausap ang kanyang mommy subalit hindi sa telepono.

Ibig ni Allan kung kakausapin siya ng mommy niya ay iyong harapan.

"Tao po...tao po... Magandang tanghali po, si Alex po nariyan po ba?"

Sa bahay nila Alex ipinadpad ng kanyang bisikleta si Allan.

"Ah ikaw pala iho, nasa tindahan lang si Alex at may ipinabili lamang ako."

Nanay ni Alex ang nakaharap ni Allan at sinabi nitong maghihintay na lamang siya sa labas.

Maya-maya ay natatanaw na ni Allan na naglalakad si Alex at namataan niya ang dala nito.

Hindi maaaring magkamali si Allan na ang bitbit na maliit na plastic bag ni Alex ay naglalaman ng bigas.

Alam din ni Allan na kalahating kilo lamang ang bigas at nakita rin niya ang isang noodles at isang lata ng sardinas.

"Ano meron at napunta ka rito?"

"Ganon ba! Pero teka at kakain pa ako."

"Kumain ka na ba? Sardinas at noodles lang eh."

Pumasok muna si Alex at ibinigay sa kanyang ina ang binili sa tindahan.

"Sandali lang namang lutuin 'yun."

Lumabas muna uli si Alex para may kausap si Allan dahil hindi maiwanan ang bisikleta.

"Sigurado ka ha, talagang kumain ka na ha. O baka naman 'di ka sanay sa sardinas at noodles. Baka galisin ka."

Tinawag si Alex ng isang kapatid niya at sinabing nakaluto na ang kanilang ina.

Natawa lang si Allan sa pagbibiro ni Alex pero nagpasalamat siya sa pang-aalok sa kanya para kumain.

**(Itutuloy)**

# Team Philippines Chef De Mission Coaches Trainers Meeting

**PAGTALAKAY sa paghahanda para sa nalalapit na 2019 30th Southeast Asian Games sa bansa at iba pang mga kalutasan sa kahilingan ng ibat ibang sports coaches at trainers sa bansa**

Ilan lamang ito sa mga naging bungad na usapin sa ginanap na Team Philippines Chef De Mission Coaches Meeting sa Philsports Complex. Pasig City

Sa pamumuno ni PSC Chairman at Team Philippines Chef de Mission Chairman William Ramirez kasama ang apat na Commissioners
na sina Arnold Agustin, Ramon Fernandez, Celia Kiram Charles Maxey

Sinabi ni CDM sa pag tanong sa mga dumalong coaches ang Kani-kanilang suliranin. kung saan ay kabilang dito ay ang tinatanggap na sahod (salary) na masasabing kulang para sa kanila bilang coaches. maging ang ibang pasilidad na gagamitin na hanggang sa kasalukuyan ay wala pa.

Dito pinahayag ni Ramirez na kung mahigit pa kaya sa doble ang isuweldo sa mga coaches at trainers bago dumating ang ASEAN Games pero ito para lamang sa mga full-time coaches habang ang sinasabing gamit na pag iinsayuhan ay pa parating na ayon naman sa Isa nitong staff

Samantala naganap ang pulong kung saan ay tinatayang mahigit isang daan ang lumahok makaraan ang unang pagtitipon para sa deligasyon ng National Sports Association (NSA) Kabilang dito na dumalo ay sina Philippine Olympic Committee President Ricky Vargas at Philippine Southeast Asian Games Organizing Committee Chairman at Congressman-elect Alan Peter Cayetano sa PICC.

Dagdag na pahayag ni Chairman 'kung tayo ay magkakaisa makakalikha tayo ng Himala para sa nagaganap na Southeast Asian Games," pinasalamatan din nito ang mga dumalong coaches dahil sa kanilang patuloy na suporta sa mga atletang nag eensayo para sa nalalapit na kumpetisyon.



**MTB DH COACH** - INAHAYAG ni Coach MTB Down Hill Frederick Farr ang karagdagang kaalaman patungkol sa patuloy na pag ensayo ng Philippine National Downhill team sa Mountain Bike kung saan ay lalahukan pa ng kanilang koponan ang iba pang international na kumpetisyon bago sumapit ang 30th Southeast Asian Gamessa Tagaytay. Na ilan lamang sa ibinahagi nito sa lingguhang TOPS Usapang Sports sa NPC kasama sa larawan sila John Derick Farr at TOPS President Ed Andaya

# HANEP SPORTS

EDITOR: Mary Austine V. Nillama
Email Add: hanepsports2017@gmail.com

## Regalario kampeon sa Wilde Blu 9-ball at 10-ball

Nakamit muli ni PH young cue artist Bernie Regalario ang panibagong titulo sa taong matapos magkampeon sa Wilde Blu 9-ball at 10-ball WTA (Winner-Take-All) Challenge na ginanap sa Ding's Billiards sa Tandang Sora, Quezon City.

Ang 14-year old Regalario na incoming Grade 9 student ng Arcadio Santos High School sa Paranaque City ay tinalo si Paul Kenneth Arpilleda sa kanilang championship showdown sa 10-ball competition.

Una dito ay nanalo din si Regalario kontra kay Arpilleda sa 9-ball competition.Kabilang sa mga biniktima ni Regalario sa Wilde Blu 9-Ball WTA Challenge ay sina Rey Calanao at reigning J&P Navigator Japan 9-Ball Cup ruler Earl Vincent "Vicoy" Sullano Trinidad.

Dahil sa pangyayaring ito si Regalario na parehong kampeon sa Wilde Blu 9-ball at 10-ball WTA Challenge ay natangap ang Peri EXD-S3 (w/ 10 spliced maple shaft)at Peri Extension (P14,000 value) sa closing rites na nirendahan nina 1996 Jakarta, Indonesia Southeast Asian Games gold medallist Victor Arpilleda at Mr. Nino Lopez, local distributor ng Wilde Blu chalk sa Philippines at sa Indonesia at maging ang Volturi Custom Cases PH.

Ang two-day event ay suportado nina The Para Shop Manila, Jun Cornista ng Peri Philippines,Volturi Custom Cases PH, Reymond Delos Reyes ng Flawless Cue Shaft Cleaner, Victor Arpilleda ng Ding's Billiards, The AnitoKid on Billiards, Makati Pool Players Association - MAPPA sa gabay ni president Arvin Arceo, world renowned blogger Leslie " AnitoKid" Mapugay, Edgar M. Acaba Ong Filipino 9 Ball at ni Angel Bautista ng Angel Bautista Custom Cues. **(Marlon Bernardino)**

**Mga laro sa 2019 PBA COMMISSIONERS CUP**

**Hunyo 19 Miyerkules**
MALL OF ASIA ARENA
4:30 pm Rain or Shine Elasto Painters vs. NorthPort Batang Pier
7:00pm Meralco Bolts vs. NLEX Road Warriors

**June 21 Biyernes**
Cuneta Astrodome
4:30 pm TNT Ka Tropa vs. Columbian Dyip
7:00 pm San Miguel Beermen vs. Alaska Aces

**June 22 Sabado**
Cuneta Astrodome
4:30 p.m. NorthPort Batang Pier vs. Blackwater Elite
6:45 p.m. Magnolia Hotshots Pambansang Manok vs. Phoenix Pulse Fuelmasters



**NORTPORT VS HOTSHOTS - GARANG** ibinuslo ang bola ni Northport point guard Juan Elorde upang di na mahuli sa depensa ng katunggaling si Jio Jalalon ng Hotshots sa maaksyong laro nila sa 2019 PBA Commissioner's Cup sa Araneta Coliseum. **(RGN)**




**PSC CHAIRMAN CDM** - HARAPANG sinagot ni PSC Chairman Chef De Mission Asean Games William Ramirez ang mga katanungan ng ibat ibang coaches sports sa ginanap na pagtitipon na Team Philippines Chef De Mission Coaches Meeting sa Philsports Ultra. Pasig City.**( RGN )**



**TEAM TAEKWONDO** - ILAN lamang sa naging perform ng team teakwondo ang nag pamalas ng husay sa demonstrations bago pa simulan ang 2019 National New Face of the year Taekwondo Championship sa Mall of Asia Music Hall, Pasay City **(RGN)**

# UTOL TINARAKAN NI KUYA, UMAWAT TIGBAK DIN

**NASAWI ang nakababatang kapatid nang saksakin sa dibdib ng kuya nito habang patay din ang isang nagtangkang umawat sa Maragondon, Cavite.**

Namatay noon din si Kenneth de Guzman, 29, may live-in partner, ng Brgy Patungan, Maragondon, at namatay din habang ginagamot sa General Emilio Aguinaldo Memorial Hospital (GEAMH) si Mark Aries Mojica, nasa legal na edad, mangingisda, ng naturang barangay.

Sa presinto na nahimasmasan sa sobrang kalasingan ang suspek na si Sonnylet de Guzman, 31, mangingisda, nakatatandang kapatid ni Kenneth at kapitbahay nito.

Sa ulat ni Pat. Juviel de Leon, ng Maragondon Municipal Police Station, dakong alas-10:00 ng Martes ng gabi nang naganap ang insidente kung saan nag-iinuman sina Kenneth at Mark sa loob ng bahay ng una nang dumating ang nakatatanda nitong kapatid na si Sonnylet na nakainum din.

Agad umanong sumiklab ang galit ng nakatatandang De Guzman dahilan upang magkaroon ng mainitang pagtatalo hanggang sa nagbunot ng patalim si Sonnylet at itinurok sa dibdib ng nakababata nitong kapatid na nagresulta sa kanyang agarang kamatayan.

Tinangka namang namagitan si Mark Aries pero siya naman ang binalingan ni Sonnylet na may tama rin sa ulo na hinihinalang nakuha nito habang nakikipambuno sa kanyang kapatid.

Ayon kay De Leon, may matagal na umanong alitan ang magkapatid na sumiklab ito nang magpang-abot sa bahay ng nakababatang utol. ***GENE ADSUARA***



Other teachers of Bacoor National High School-Main were seen using the Social Hall of the said school as their faculty room instead of the Technology and Livelihood Education (TLE) laboratory. According to Principal Anita Rom, she offered the said hall to the teachers which according to her are more convenient and spacious. PIA-Cavite Infocen Manager Ruel Francisco and DepEd Bacoor Officer-in-Charge Dr. Felizardo Bolaños in a photo op right after the latter meeting in his office. (PIA-Cavite)

# Bangkay ng lola, naaagnas na

**DAHIL** sa masangsang na amoy kaya natuklasang wala ng buhay ang isang 62-anyos na lola sa loob ng kanyang bahay sa Bacoor City, Cavite.

Hinihinalang may ilang araw ng patay ang biktima na si Norma Ladra, may-asawa, ng Blk 10 Lot 14 South 1, Camella Spring Ville, Brgy. Molino IV, Bacoor City.

Sa ulat ni PSSgt Edison Fetalcurin, dakong alas-7:30 ng gabi nang natuklasan ang bangkay ng biktima sa loob ng kanyang bahay ng kapitbahay nitong si Bryan Soleda, 33, chopper sa Estralla Meat Shop sa Brgy Molino 4, Bacoor City.

Ayon kay Bryan, naka-amoy siya ng masangsang na naggagaling sa bahay ng biktima dahilan upang ipagbigay alam ito sa mga opisyal ng Homeowners Association at Bgry Officials na nagtungo sa bahay nito kung saan natuklasang wala na itong buhay, nangangamoy at naaagnas na ang katawan.

Inaalam din kung may naganap na foul play sa pagkamatay ng biktima na mag-isa lamang itong nakatira sa kanyang bahay. **GENE ADSUARA**

# PNP celebrates valor of past, present-day heroes

**MANILA** -- Philippine National Police (PNP) chief, Gen. Oscar Albayalde on Wednesday urged the 190,000 men and women of the police organization to remember the heroism of those who fought for the country's independence against foreign invaders.

In his Independence Day message, Albayalde urged the police officers to ignite their passion and heart for service so that the country may finally solve the ills of the society and achieve the change that it wants.

"Para sa Pambansyang Pulisya, panahong muli upang paigtingin ang ating pagkakaisa, at sama-samang isulong ang ating misyon tungo sa kaayusan, kapayapaan at kaligtasan ng bawat lansangan at komunidad sa buong bansa (For the national police, it's about time to strengthen our unity and collectively fulfill our mission towards order, peace and safety of every street and community in the country)," said Albayalde in a statement read by Lt. Gen. Fernando Mendez Jr., deputy director for administration, shortly after the flag-raising ceremony held in Camp Crame, Quezon City.

Simultaneous flag-raising ceremonies were also held in various police camps nationwide for the celebration of the country's 121st Independence Day with theme "Kalayaan 2019: Tapang ng Bayan, Malasakit sa Mamamayan."


"Sa araw na ito, ipinagdiriwang natin hindi lamang ang kagitingan at katapangan ng ating mga bayaning lumaban para makamit ang kalayaan kundi ang ating makabagong bayani na patuloy ding naglilingkod at nag-aalay ng dugo't pawis para sa kaligtasan, kaayusan at kaunlaran ng ating bayan. Ang araw na ito ay para rin sa kanilang lahat (On this day, we celebrate not only the gallantry and valor of our heroes who fought for our freedom but also that of our modern-day heroes who continue to serve and shed sweat and blood for the safety, order and development of our nation)," he added.

After the flag-raising ceremony at Camp Crame, Mendez, along with other top police officials and PNP personnel, released white doves and waved their flaglets in celebration of the Philippine Independence Day.

Meanwhile, National Capital Region Police Office (NCRPO) head, Maj. Gen. Guillermo Eleazar, who joined the Independence Day rites at the Luneta Park on Wednesday morning with outgoing Manila Mayor Joseph Estrada, said the occasion went smoothly noting that no untoward incidents were reported.

In a separate statement, PNP spokesperson, Col. Bernard Banac said that except for minor protest rallies by groups near the United States Embassy in Manila and the Chinese Embassy in Makati, there were no major untoward incidents which marred the celebration of the 121st Philippine Independence Day.

He said the PNP remains alert and vigilant to prevent crimes and ready to respond to any emergency or call for assistance. **(PNA)**




# Mayors Sotto and Moreno, mamahalin kayo

**ILANG** araw na lamang at mauupo na sa kani-kanilang mga puwesto ang mga nanalo o nahalal sa nakalipas na eleksiyon nitong Mayo 13.

Manunungkulan na ang mga bagong senador sa darating na Hulyo 1. Ang mga nagwaging gobernador, bise gobernador, alkalde, bise alkalde, kongresista, konsehal at ang mga pinalad na party-list.

Sana lamang po ay sukilan ninyo ng tapat at tunay na serbisyo ang publiko.

Doon naman sa mga mananatili pa rin sa kanilang mga puwesto, ipagpatuloy lamang ang inyong mga magagandang nasimulan.

Para naman sa mga bago, ipakita at patunayan ninyo na hindi nagkamali sa pagpili o pagboto sa inyo ang taumbayan.

Malaking hamon kasi para sa mga bagong manunungkulan na dapat ay mayroon kayong mapapatunayan o mapatunayan.

Ihalimbawa natin ang dalawang mauupong mayor sa mga lungsod ng Maynila sa katauhan ni Isko Moreno at sa Pasig sa katauhan ni Vico Sotto.

Lumikha ng ingay at maituturing na kasaysayan ang pagkakapanalo ng dalawang alkaldeng ito.

Sa Maynila, isang Estrada na may 'tahid' na sa larangan ng pulitika ang napaluhod ni Moreno.

Si Sotto naman ay winakasan ang halos tatlong dekada na pamamayagpag ng pamilya Eusebio sa Pasig.

Mayors Sotto and Moreno, mamahalin kayo kung may makikitang pagbabago sa inyong liderato.

**Mabuhay po kayo!**

PINANGUNAHAN nina Bise Presidente Maria Leonor Leni Robredo at Manila Mayor Joseph Estrada kasama ang mga lider ng Sandatahan ng Pilipinas mula sa ARMY, NAVY, MARINES, AIRFORCE, PNP, BFP at mga delegado mula sa iba't ibang sangay ng gobyerno at bansa ang pag-aalay ng bulaklak sa Bantayog ni Gat. Jose Rizal nitong katatapos na 121st Independence Day celebration. (Christian Heramis)

